# PANATANG MAKABAYAD
## (PANUNUMPA SA TUNGKULIN NG MGA PULITIKONG KAWATAN)

ROGELIO ORDOÑEZ

iniibig ko ang pilipinas
aking lupang ninanakawan
tahanan ng mga kauri kong kawatan
pinahihintulutan akong magnakaw magpakailanman
upang maging mayaman, makapangyarihan at mapanlinlang.
dahil mahal ko ang aking kapakanan
susuwayin ko ang mga batas
at lagi kong pangangalagaan ang aking lukbutan.
tatalikuran ko ang mga adhikaing marangal
kahit magdusa'y masang sambayanan.
buong sigasig akong magsisikap
na maragdagan pa ang aking kayamanan
kahit ikamatay ng aking nasasakupan.
sa aking buong buhay sa panunungkulan
tatalikuran ko ang karangalan
at magsisikap akong maging ganap na tulisan
sa isip, sa salita, at sa gawa
para sa pananatili ng aking kasakiman.
kasihan at pagpalain nawa ako ni satanas!